# Mesa Para sa Dalawa

A Lord's Flock General Assembly Topic
Ni: Sis. Techie Rodriguez.Elder-Founder
Disyembre 02, 2023

Malugod na tinanggap ng Diyos ang Kanyang mga panauhin sa isang piging. Inanyayahan Niya ang mga nananalig sa Kanya upang kasama Niyang kumain. Sa parehong paraan na ang Diyos ay nagpadala ng mana sa mga Israelita sa ilang (Exo.16:15), ibibigay din Niya ang ating mga pangangailangan ngayon. Walang humpay natin Siyang tawagan dahil lagi Siyang nakikinig (Jer.33:3; Mt 7:7).

**1. Paano tayo papasok sa hapag na inihanda ng Diyos?**

1.1. **Relasyon.** Buo ang tiwala ni Haring David sa kanyang relasyon sa Diyos, na inihanda niya ang lahat para sa kanilang pagtatagpo, "Kaya't huwag na tayong mag-atubiling lumapit sa trono ng mahabaging Diyos at doon kakamtan natin ang habag at kalinga sa panahong kailangan natin" (Hebreo 4:16).

1.2. **Ang Imbitasyon**. Pinili at hinirang tayo ng Diyos upang humayo at mamunga, at manatili ang ating bunga (Jn 15:16). Ang kaharian ng Diyos ay katulad ng haring nag-anyaya ng mga tao sa isang piging sa kasal, ngunit ayaw nilang dumalo (Mt.22:1-4). Sa tuwing nagdadasal tayo, isa itong pagkakataong makausap ang Hari ng mga hari.

1.3. **Ang Mapagpalang Punong-abala**. Ipinagkaloob ng Diyos lahat ng pangangailangan ni David. Protektado siya sa lahat ng kaaway at nakatitiyak ng mga pagpapala (Awit 23).

1.3.1. **Jehovah-Rapha**. Kung makipag-usap tayo sa Kanya, sabihin natin ang lahat ng ating mga pasakit para sa Kanyang pagpapagaling.

1.3.2. **Jehovah-Shammah**. Hindi Niya tayo iiwan, lagi Niya tayong ipagtatanggol.

1.3.3. **Jehovah-Jireh**. Alam Niya ang ating pangangailangan bago pa man tayo magdasal.

1.3.4. **Jehovah-Nissi.** Siya ay ating *Commander-in Chief*. Tuwing tayo ay nakikipaglaban, nangunguna Siya sa atin (Mt. 10:19)

1.3.5. **Jehovah Raah**. Siya ang may kontrol. Kung itinalaga tayo ng Panginoon, pagkakalooban Niya tayo ng kakayahan. Espesyal ang Kanyang imbitasyon.

1.4. **Ang Paghahanda**. Ang Diyos ay gumugugol ng panahon sa Kanyang paghahanda. Punong-puno ng pagmamahal ang paghahandang ito, at ang lahat ay nasa ayos.

1.4.1. Pinaghandaan tayo ng Diyos sa hapag ng maraming pagpapala. Kapag tayo ay malapit sa Diyos, makikita sa atin ang Kanyang kaluwalhatian. Makikita ng mga tao ang kabutihang loob ng Diyos sa ating buhay. Kung tayo'y araw-araw na kumakain kasama Siya, mamamangha ang kaaway.

**2. Ang hapag ay kasingkahulugan din ng isang handaan.**

2.1. Ang hapag ay nagbibigay ng sustansya (Mt.4:4). Mas higit na mahalaga ang Salita ng Diyos kaysa sa ginto.

2.2. Ang hapag ay lugar ng pagtanggap. Gusto ng Diyos na gawin natin ang Kanyang kalooban.

2.3. Ang hapag ay nagbibigay ng seguridad. Ang Diyos ang nagbibigay ng pagkain para sa ating mga anak. Nagkakaloob ito ng kasaganaan (Awit 23).

2.4. Ang hapag ay nagbibigay ng proteksyon. Maghahanda Siya ng isang dulang para sa atin sa harapan ng ating mga kaaway. Hindi nila tayo masasagi.

2.5. Ang hapag ay lugar sa pakikiisa. Kung umupo tayo sa hapag, hindi lamang para kumain. Gusto ng Diyos na makiisa tayo sa Kanya - makinig sa Kanya, higit pa sa pakikipag-usap sa Kanya.

**3. Paano tayo lalapit sa mesa para sa dalawa?**

3.1 May gutom (Mt.4:4, 1Pd.2:2). Gutom sa Kanyang Salita at uhaw sa espiritwal na gatas.

3.2. May intensiyon. Pahalagahan natin ang sandali na makasama ang Diyos na nag-iisa.

3.3. Pumasok nang may papuri at pasasalamat.

3.4. Maglaan ng oras para manamnam ang galak sa hapag. Pagnilayan ang Salita araw at gabi (Jos.1:8).

**Konklusyon**: Samantalahin natin ang pribilehiyong makasama ang Panginoon (Ep.3). Ang mga malapit sa Diyos, nakikipag-usap at naglilingkod sa Kanya, giginhawa at magtatagumpay.

**Pagninilay:** Kumusta ang relasyon mo sa Diyos? Naglalaan ka ba ng oras na kasama Siya? Ilang oras ang ginugugol mo sa pakikipag-usap sa Diyos kumpara sa pakikinig sa Kanya?

**Scribes Ministry:**
Isinalin ni: Sis. Thess P. Sarmiento
Na-edit ni : Sis Nida A. Cruz
For more teachings, visit our website:https://lordsflock.org/digests
Tags:#Panalangin; #Relasyon